

Ang Ugnayan ng Kolaboratibong Pagkatuto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Tagoloan Community College

¹Ana Marie D. Galceran, ¹Maurin T. Hira, ¹Febrose T. Lamberte, ¹Gianh N. Padrilanan,

¹Leonieses J. Kilaton, ¹Laugene Faith C. Amora, ¹Eunice S. Villegas

¹Tagoloan Community College, Philippines

*Corresponding Author's Email Address: irdc2025@gmail.com

DOI: 10.63941/DisKURSO.2026.1.2.03

Article Information

Received: July 30, 2026

Accepted: August 25, 2026

Published: October 13, 2026

Mga Susing Salita

*Kolaboratibong Pagkatuto;
Akademikong Paggana;
GWA; Pangkatang Gawain;
Pangkatang Proyekto; Peer
Instruction*

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong kwantitatibong pamamaraan na may disenyong deskriptibong-korelasyonal upang suriin ang ugnayan ng kolaboratibong pagkatuto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ng kursong Edukasyon na may espesyalidad sa Filipino sa Tagoloan Community College para sa taong panuruan 2024–2025. Pinili ang 34 mag-aaral mula sa ikatlong taon, seksyon 3A, sa pamamagitan ng purposive sampling. Binuhos ang pagbibigay ng datos sa pamamagitan ng isang survey na may Likert scale na sumusukat sa antas ng kolaboratibong pagkatuto batay sa mga gawain ng grupo, mga proyekto ng grupo, at peer instruction. Nasuri ng mga dalubhasa ang instrumento at isinagawa ang pilot testing, nakakuha ng Cronbach's Alpha reliability score na 0.865. Ipinaalam ng mga resulta ang makabuluhang positibong kaugnayan ng kolaboratibong pagkatuto sa akademikong pagganap (GWA) ng mga mag-aaral, na nagpatibay sa kabuluhan ng pagpapasok ng kolaboratibong mga estratehiya sa mga lektura tungong ikau talaga ng kalidad ng edukasyon.

PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon ng edukasyon, patuloy na nagbabago ang mga estratehiya sa pagkatuto. Ang isa sa mga mahalagang estratehiya na kinikilala ngayon sa mga paaralan ay ang kolaboratibong pagkatuto. Ito ay isang paraan upang matugunan ang mga layunin sa pamamagitan ng pagtutulongan ng mga mag-aaral sa pagpapalitan ng kaalaman, karanasan, at mga ideya. Ayon kay Salvador at Valdez (2023), ang kolaboratibong pagkatuto ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong tagumpay kundi naghahanda rin sa mga mag-aaral sa mga totoong sitwasyon sa larangan ng trabaho kung saan kinakailangan ang pakikipagtulungan, koordinasyon, at malikhaing solusyon sa mga problema. Ayon kina Purkarthofer at Mäntysalo (2022), ang kolaboratibong pagkatuto na isinasagawa sa pamamagitan ng student-led learning ay epektibong nakatutulong sa

pagpapalawak ng kaalaman, pagsasanay ng kasanayan, at pagbuo ng propesyonal na identidad ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng unti-unting pagbibigay ng kapangyarihan sa mga estudyante sa mga collaborative studio courses, nakabuo sila ng mas malalim na pakiramdam ng responsibilidad, tiwala sa sarili, at aktibong partisipasyon sa tunay na proseso ng pagkatuto. Tinukoy ng mga mananaliksik sina Gomez et al. (2022), na ang kolaboratibong pagkatuto ay hindi lamang nakatutok sa pagpapabuti ng mga akademikong kasanayan ng mga mag

aaral kundi makatutulong din ito sa personal na pagpapaunlad nila. Sa ganitong pamamaraan, mas mapapalaki ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pakikipag ugnayan at

nakikibahagi ng mas malalim sa mga diskusyon at aktibidad sa klase. Batay sa mga pag-aaral na ito, nag-uudyok ang kolaboratibong pagkatuto sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral hindi lamang bilang mga tagatanggap ng impormasyon kundi bilang aktibong kalahok sa kanilang proseso ng pagkatuto.

METHODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay nagsilbi sa ganap na deskriptibong kwatitatibong disenyo para pigurasyon ng ugnayan ng kolaboratibong pagkatuto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Tagoloan Community College. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, nakuha ng mga mananaliksik ang numerikal na datos na binigyan ng estadistikal na pagsusuri gamit ang weighted mean, standard deviation at pearson correlation upang ipakita ang kasalukuyang kalagayan ng mga tagatugon. Pinili ang tatlongpu't apat (34) na mag-aaral mula sa BSED Filipino 3A gamit ang purposive sampling, sapagkat sila ay may sapat na karanasan at kaalaman na kinakailangan sa pag-aaral. Bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik, gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan na binuo batay sa layunin ng pag-aaral. Nahahti ito sa dalawang pangunahing bahagi: (1) pagkuha ng GWA ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pakikipagkoordinasyon ng mga mananaliksik sa Program Head ng BSED Filipino; at (2) pagkuha ng antas ng kolaboratibong pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa pangkatang gawain, pangkatang proyekto, at peer instructions na maaaring makaapekto sa kanilang akademikong pagganap. Ito ay dumaan sa validity at reliability test ng mga eksperto at pagkatapos ito ay ginawan ng pilot testing na may cronbach alpha result na 0.865 at pagkatapos nimo ay ginawan ng aktwal na pagkuha ng datos upang matiyak ang pananaw at karanasan ng mga tagatugon.

RESULTA AT TALAKAYAN

Ayon sa nakuhang datos, ang pangkalahatang mean ng pangkatang gawain ay 3.29 (SD = 0.28), na tumutukoy sa malaking positibong epekto. Ipinapakita ng pagpapahalagang ito na ang mga estudyante ay lalong naging masigla sa pakikipagkomunika, pagtutulungan, at pag-unawa sa mga paksa (Nazeef et al., 2024; Wicaksono, 2024; Loes, 2022). Para sa pangkatang proyekto, ang mean ay 3.32 (SD = 0.31), na kaakibat ng parehong interpretasyong malaking positibong epekto. Sa pagkakataong ito, naobserbahan ang mas matibay na koordinasyon, tumataas ang antas ng responsibilidad, at umunlad ang mga kakayahan sa pamumuno ng mga miyembro (Ahmed & Rahman, 2024; Almulla, 2023). Sa peer instruction, nakuha ang mean na 3.34 (SD = 0.33), na nagpapakita rin ng malaking positibong epekto. Ang palitan ng mga ideya at feedback ng mga kaklase ay nakadagdag sa lalim ng kaalaman at pag-intindi sa mga aralin (Tullis & Goldstone, 2023; Nguyen et al., 2022).

Sa pagsusuri ng GWA ng mga estudyante, napag-alaman na mayroong makabuluhang ugnayan sa kolaboratibong pagkatuto. Lumabas na ang pearson correlation ay $r = 0.748$ na may $p\text{-value} = 0.000$, na nangangahulugang may mataas na antas ng ugnayan sa pagitan ng kolaboratibong gawain at akademikong pagganap (Loes, 2022; Liu et al., 2024). Sa nakikitang mga positibong epekto ng mga gawain sa kasanayan at antas ng partisipasyon, malinaw na ang pag-unlad na naidulot ng mga kolaboratibong gawain ay nagbigay ng direktang pagtaas sa mga marka ng mga mag-aaral. Ang mga gawaing ito ay hindi lamang nagpapabuti ng akademikong pagganap, kundi nakakatulong din sa paglinang ng komunikasyon, kumpiyansa, pamumuno, at pakikipag-ugnayan (Tiantian et al., 2024; Tambiga et al., 2025; Tan et al., 2022).

Ekshustibong Talakayan

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong kwantitatibong disenyo upang suriin ang ugnayan ng kolaboratibong pagkatuto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral mula sa ikatlong taon ng Bachelor of Secondary Education na nagdadalubhasa sa Filipino sa Tagoloan Community College. Ipinakita ng datos na ang mga kolaboratibong gawain tulad ng pangkatang gawain, pangkatang proyekto, at peer instruction ay may mataas na positibong epekto sa mga estudyante sa kanilang akademikong pagganap. Ipinahayag ng pagsusuri na ang mga nabanggit na kolaboratibong gawain ay nagtataas ng kasanayan sa komunikasyon, nagpapalakas ng tiwala sa sarili, at humihikayat ng aktibong partisipasyon, sa kabila ng ilang indibidwal na mas komportableng matuto ng mag-isa. Akma ito sa Constructivist Learning Theory na nagsasaad na ang kaalaman ay nabubuo sa aktibong kolaborasyon at diskurso. Pinatutunayan ng mga datos na ang pantanging diskurso, pagbuo ng kaalaman, at ang integrasyon ng guro at ng mga mag-aaral ay nakatuon sa pagkatuto. Ito ay nagbubukas ng pintuan sa mas malalim na pag-unawa ng konsepto at mas mataas na antas ng kalidad ng mga output. Makikita na ang patuloy na kolaboratibong diskurso at pagbuo sa aktibidad ay nagiging tulay sa mas matagumpay na akademikong pagganap.

KONKLUSYON

Matagumpay na natapos ng pag-aaral na ito na suriin ang kaugnayan ng kolaboratibong pagkatuto at pagganap ng mga mag-aaral na nasa ilalim ng Bachelor of Secondary Education sa Tagoloan Community College. Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na malinaw at makabuluhan ang positibong epekto ng kolaboratibong pagkatuto gamit ang mga pangkatng gawain, pangkatang proyekto, at peer instruction. Napatunayan din na may positibong ugnayan ang mga kolaboratibong pagkatuto sa pagsukat ng kanilang GWA na sumasalamain sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Nakita sa pagsusuri na ang mataas na antas ng partisipasyon ng mag-aaral sa mga nakakaengganyong gawain ay hindi lamang nakapaghatid ng mga magagandang marka kundi pati ng pag-unlad sa mga kasanayang gaya ng komunikasyon, pakikipagtulungan, at pamununo. Bagama't may mga iilang hamon, patuloy na nanatiling epektibong estratehiya sa akademikong konteksto ang kolaboratibong pagkatuto. Ang natitira at nabuong konklusyon ng pagsusuri ay ang kolaboratibong pagkatuto hindi lamang nagpalakas ng mga marka kundi patuloy ding nagpopondo sa kabatiran sa mga kasamang propesyonal na kinakailangan sa hinaharap.

TALASANGGUNIAN

- Ahmed, S., & Rahman, A. (2024). *The Role of Project-based Learning in Boosting Student Communication Confidence: A Systematic Literature Review*. *International Journal of Educational Research*, 15(2), 102–115.
- Almulla, M. (2023). *Examining the Impact of Project-based Learning on Students' Self efficacy and Motivation*. *Educational Practice and Theory*, 45(3), 235–250.
- Gomez, J., Santos, M., & Reyes, L. (2022). *The Role of Collaborative Learning in Enhancing Students' Personal Development*. *Journal of Educational Research and Practice*, 12(3), 45–60.
- Loes, C. N. (2022). *The Role of Collaborative Learning in Higher Education: Examining the Effect on Academic Motivation*. *Journal of Applied Research in Higher Education*, 14(3), 878–890.
- Nazeef, N. M., Khan, A., & Ali, J. (2024). Impact of collaborative learning on students' academic performance in teacher's education program. *Journal of Asian Development Studies*, 13(1), 1054–1068.
- Nguyen, H. T., Tran, M. Q., & Pham, L. T. (2022). *Student Preferences for Peer Versus Teacher Explanations in Online Learning Environments*. *International Journal of Educational Technology in Higher Education*, 19(1), Article 14.

- Purkarthofer, E., & Mäntysalo, R. (2022). *Enhancing knowledge, skills, and identity development through collaborative student-led learning: Experiences with the gradual empowerment of students in a planning studio course*. *Journal of Planning Education and Research*, 44(3), 241–253.
- Salvador, M., & Valdez, P. F. (2023). *Promoting collaborative learning in students soon to graduate through a teaching–learning model*. *Education Sciences*, 13(10), 995.
- Tan, A. H., & Lim, M. R. (2022). *Student Accountability and Equity in Collaborative Projects*. *Asia-Pacific Education Research Journal*, 11(3), 110–125.
- Tambiga et al. (2025) *Enhancing students' collaboration in science through the implementation of Given, Required, Evaluate, Solution, Answer cooperative learning strategy*. *International Journal of Research and Innovation in Applied Science (IJRIAS)*, 9(12), 101–113.
- Tiantian, Y., Razali, A. B., Zulkifli, N. N., & Jeyaraj, J. J. (2024). *The Effects of Collaborative Mobile Learning Approach on Academic Performance: The mediating Role of Social Interaction and Learning Motivation*. *Journal of Pedagogical Research*, 8(3), 209–229.
- Tullis, J. G., & Goldstone, R. L. (2023). *Why does peer instruction benefit student learning? Cognitive Research: Principles and Implications*, 5(1), Article 15.
- Wicaksono, S. R. (2024). *Impact of Collaborative Learning in Higher Education Environment*. *Journal Sustainable*, 7(1), 53–58.